Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 16, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy |

**HINDI NAKADALO:**

WALA

x-------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-03-040

**RESOLUSYONG MAHIGPIT NA NANAWAGAN KAY KGG. CYNTHIA VILLAR, CHAIRPERSON, SENATE COMMITTEE ON AGRICULTURE NA MAGSAGAWA NG MASUSI, KOMPREHENSIBO AT MAKATOTOHANANG PAGSISIYASAT HINGGIL SA NAKAPANLULUMONG PAGBAGSAK NG HALAGA NG SIBUYAS AT BAWANG SA MGA PAMILIHAN AT PAPANAGUTIN ANG MAPATUNAYANG MAY-SALA, ALINSUNOD SA BATAS**

"**SAPAGKAT,** nagtatanong ang mga uring magsasaka, partikular ang mga naaanib sa sektor ng mga magbabawang at magsisibuyas ay dagliang bumuhos ang napakaraming bultong tonelada ng sibuyas at bawang sa ating bansa na nagresulta sa sobrang pagbagsak ng presyo ng mga ito;

"**SAPAGKAT,** nakapanlulumong isipin na ang pagtatanim ng ganitong produkto ay tila isang pakikipagtipan sa bagay na walang kasegurohan , tila sugal na lang, dulot ng una, ay ang naging dulot na pinsala ng mga natural na kalamidad gaya ng bagyo, pagbaha at tagtuyot at; ikalawa, ang mga likhang taong suliranin gaya ng "hoarding", "smuggling", "over-importation" at "cartel" na sa tingin ay pananabotaheng pang-ekonomiya ng bansa na gawain ng mga ganid at sakim na mga kapitalista, komprador at maging ng ilang mga tiwaling mga matataas na opisyales ng pamahalaan na disin-sana ay sandigan ng sektor ng mga magsasaka na nagsisilbing gulugod ng ating pambansang ekonomiya

"**SAPAGKAT,** daing ng bayan ay ang tunay na kadahilanan, tapat at sapat na impormasyon mula sa mga kinauukulan kung bakit at paano nangyari ang mga ganitong pangyayari;

**"SAPAGKAT,** habang patuloy ang ganitong sistema ay patuloy ding nababagabag ang isang ordinaryong naglilinang ng lupa na sa proseso, ang kaisipang, "ang mayaman ay may libangan, ang mga mahirap ay may libingin; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Mahigpit na nanawagan kay Kgg. Cynthia Villar, Chairperson, Senate Committee on Agriculture na magsagawa ng masusi, komprehensibo at makatotohanang pagsisiyasat hinggil sa nakapanlulumong pagbagsak ng halaga ng sibuyas at bawang sa mga pamilihan at papanagutin ang mapatunayang may-sala, alinsunod sa batas;

**PINAGPASYAHAN PA RIN,** na bigyan ng sipi ng resolusyong ito si Kgg. Alfonso V. Umali, Jr., Gobernador, para sa kanyang kabatiran at kaukulang aksiyon;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel, pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay

**PINAGTIBAY":** Marso 26 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 3-31-15

150323/SOB/ipc

CamScanner